

1

Mag-a-alas-onse na ng gabi ayon sa orasang pambisig ni Karel Alonzo. Huminga siya nang malalim at hinapit sa katawan ang suot na waterproof jacket. Nanunuot sa jacket na suot niya ang lamig na dulot ng panggabing hanging amihan. Dumagdag pa sa lamig ng gabi ang walang-tigil na pagpatak ng ulan.

Nangangalay na rin si Karel dulot nang matagal na pagkakaupo sa biyahe. Parang walang katapusan ang nilakbay ng bus bago nasapit ang probinsya ng Ilagan, Isabela. Pagdating sa Ilagan ay sumakay siya ng pampasaherong jeep papuntang bayan ng Salayhay. Isa't kalahating oras na nagbiyahe ang jeep sa baku-bakong kalsada sa paanan ng bundok ng Sierra Madre. Hindi siya nagtagal sa Salayhay. Wala roon ang taong sinadya niya. Wala siyang choice kundi ang bumalik muli sa terminal ng bus sa Ilagan.

Inayos niya ang hood ng jacket na tumatakip sa malaking bahagi ng mukha niya. Maingat siyang tumingin sa paligid. Bukod sa ticketing officer na nasa loob ng ticket booth ay mag-isa na lamang siyang nakaupo sa waiting area ng bus terminal. Bahagya nang humina ang ulan. Lihim niyang ipinagpasalamat

ang malakas na pagbuhos niyon kanina. Nagkaroon siya ng dahilan para pansamantalang manatili sa terminal. Maaaring isipin ng sinuman na nagpapatila lang siya ng ulan.

Ngunit ang totoo, nag-iisip pa siya ng sunod na gagawin.

Dalawang oras na mula nang bumaba siya ng jeep. Naubos na rin ang ilang pasaherong kasabay niyang naghihintay kanina. At tuluyan nang tumila ang ulan. Sigurado siyang napapansin na ng clerk sa loob ng ticket booth ang matagal na pananatili niya sa waiting area ng terminal.

Saan na ba ako pupunta? naguguluhang tanong ng isip niya. Ang buong akala niya ay matatagpuan niya sa bayan ng Salayhay si Edith. Pero wala na ang pamilya nito roon. Wala ring makapagturo kung paano pumunta sa nilipatan ng mga ito.

Hindi niya gustong bumalik ng Maynila. Natitiyak niyang sa mga oras na ito ay pinaghahanap na siya ni Eric at ng mga tauhang inupahan nito.

Muli siyang napayuko at napakagat-labi. Magkahalong takot, pangamba at awa sa sarili ang nararamdaman niya. Kinumbinsi niya ang sarili na magpakatatag.

Saan ako ngayon pupunta? muling tanong ng isip niya.

Magulo ang isip niya mula pa kaninang umaga, nang tumakas siya mula sa malaking bahay nila sa *Corinthian Gardens*. Tinulungan siya ng kanilang mayordomang si Yaya Nelia. Ipinabaon nito sa kanya ang address ni Edith.

Si Edith ay dati nilang katulong na naging malapit sa kanya. Ipinayo ni Yaya Nelia na pansamantala siyang makipanuluyan sa bahay nito. Malayo iyon sa Maynila at kung sakali ay mahihirapan si Eric na matunton siya.

Pagkatapos nilang magyakap ni Yaya Nelia ay nagmamadali na siyang tumalilis upang matakasan ang stepbrother niya.

Gusto ni Eric na ipakasal si Karel sa biyudong Chinese na pinagkakautangan nito.

Matanda sa kanya nang sampung taon ang stepbrother na si Eric San Victores. Ito ang tumayong guardian niya simula nang sabay na mamatay sa isang car accident ang kanyang ama at ang ina nito. Sixteen lang siya nang mangyari ang trahedyang iyon. Dahil bata pa ay naging sunud-sunuran siya sa lalaking itinuring niyang tunay na kapatid.

Sa simula pa lamang ay hindi na maganda ang trato sa kanya ni Eric. Dominante ito sa lahat ng bagay. Kahit nang makatapos siya sa pag-aaral at magkaroon ng sariling posisyon bilang personnel manager sa kompanyang iniwan ng kanyang Papa ay si Eric pa rin halos ang nagpapatakbo ng buhay niya.

Dahil itinuring niya itong nakatatandang kapatid ay nagbulag-bulagan siya sa hindi magandang ugali nito. Nagising lang siya nang iutos ng lalaki na pakasalan niya ang matandang mayaman na si Mr. Shang. Walang pakialam si Eric kung masira man ang buhay niya sa piling ng manyakis na Chinese na iyon.

Dahil sa maling pamamalakad ay nalugi ang garment factory na iniwan ng kanyang papa kay Eric. Upang makabawi ay umutang ito ng malaking halaga kay Mr. Shang, isang dayuhang namumuhunan sa Pilipinas. Ngunit hindi rin nakatulong ang malaking halagang iyon upang makaahon ang kompanya. Tuluyan na itong nalugi at nagsara kamakailan lang. Involved si Eric sa ilang maliliit na negosyo. Naisip ni Karel na mula sa mga iyon ay makakakuha ito ng maipambabayad sa pagkakautang kay Mr. Shang.

Pero may iba palang kasunduan ang dalawa.

Matagal na pala siyang kursunada ni Mr. Shang. Siya ang hinihingi nito bilang kabayaran. Pabor kay

Eric ang suhestyon, at agad itong pumayag.

Sukat doon ay tuluyang gumuho ang respeto at pagmamahal niya sa taong itinuring na kapatid. Hindi siya makapaniwalang ipambabayad-utang siya ni Eric.

Kahit katiting ay wala siyang amor kay Mr. Shang. Hindi lingid kay Karel ang likaw ng pagkatao nito. Nagkalat ang mga anak nito sa iba't ibang babae. At alam ni Eric ang masamang reputasyon na iyon ni Mr. Shang. Ngayon ay naniniwala na siyang wala kahit malasakit para sa kanya si Eric.

Sa kabila ng pagtutol niya ay nakuha pa ring itakda nina Eric at Mr. Shang ang araw ng kasal. Isang linggo bago ang kasal ay tinangka niyang lumayas, ngunit nahuli siya ni Eric. Ikinulong siya ng lalaki sa loob ng kanyang silid. Ipinaalis nito ang extension line sa kuwarto niya at sapilitang kinuha ang kanyang cellphone.

Umupa pa ito ng ilang tauhan upang magbantay sa labas ng pinto ng kanyang silid. Makakalabas lang daw siya mula roon sa mismong araw na ng kasal nila ni Mr. Shang.

Desperado siyang humingi ng tulong kay Yaya Nelia nang minsang maghatid ito ng pagkain. Naawa

sa kanya ang matanda at tinulungan siyang makasalisi nang malingat ang kanyang mga bantay. Isang maliit na traveling bag ang dala niya. Naglalaman iyon ng ilang pirasong damit at mga personal na gamit.

Nangangamba siya sa maaaring gawin ni Eric kay Yaya Nelia kaya pilit niyang isinasama ang matandang babae. Ngunit tumanggi ito. Inaalala nito ang mga kamag-anak na maiiwan sa Maynila. Baka raw ang mga iyon ang mapagbuntunan ng galit ni Eric kapag nalaman na tinulungan siya nito sa pagtakas. Minabuti nitong manatili sa mansion. Sasabihin na lamang umano nito kay Eric na hindi rin nito namalayan ang pagtakas niya, sakaling mag-usisa ang binata.

Noong una ay binalak ni Karel na lumabas ng bansa. Dala niya ang passport, ngunit naisip niyang baka mas madali siyang masundan ni Eric kapag ginawa niya iyon. Kaya sinunod niya ang payo ni Yaya Nelia na lumabas na lang muna ng Maynila.

Hindi na niya sinubukang lumapit sa mga kaibigan at kamag-anak. Siguradong doon unang maghahanap si Eric.

Mula sa *Corinthian* ay nag-taxi siya papunta sa terminal ng bus sa Cubao. Buo na ang desisyon niyang puntahan si Edith sa Isabela. Hindi familiar sa kanya

ang nasabing probinsya. Ni minsan ay hindi pa siya nakarating doon. Bukod sa address ni Edith ay wala na siyang alam tungkol sa lugar.

Bahala na, naisip niya. Hindi siya basta-basta matutunton ni Eric doon. Si Edith ang huling taong maiisip nito na pupuntahan niya. Ang balak niya ay manatili sa Salayhay ng ilang linggo. At kapag sigurado na siyang nagsawa na sa paghahanap sa kanya ang stepbrother ay saka siya babalik ng Maynila. Kukuha siya ng pansamantalang mauupahan habang inaayos ang kanyang visa papuntang ibang bansa. Mangingibang-bansa na lamang siya upang tuluyang makalayo kay Eric.

May personal savings si Karel sa bangko bukod pa sa perang iniwan ng kanyang papa. Magagamit niya ang perang iyon habang nasa Pilipinas siya at walang permanenteng trabaho.

Mag-a-alas siete na ng gabi nang makarating siya sa Salayhay. Pero wala na roon ang pamilya ni Edith. Pagod at nanlulumo siyang bumalik sa terminal ng bus sa Ilagan.

“Miss, baka hindi na darating ang sundo mo.”

Bahagyang nagulat si Karel sa malakas na tinig. Ang clerk mula sa ticket window ang nagsalita. Halos

nakalapat na ang mukha nito sa salamin ng booth.

Ilang sandali na blangkong tumingin lamang siya sa lalaki.

“Saan ba ang punta mo?” urirat nito. “Alam ba ng pupuntahan mo na darating ka?”

“Papunta sana ako ng Salayhay, kaya lang...”

“Wala nang bumibiyaheng jeep na papunta doon nang ganitong oras,” pagbibigay-impormasyon nito. “Hanggang alas ocho lang ng gabi ang huling biyahe.”

Hindi masabi ni Karel sa lalaki na galing na siya roon.

“Miss, may telepono dito sa loob, puwede mong tawagan ’yung pupuntahan mo. Taga-Maynila ka, hindi ba?” Sinipat siya nito. Dahil sa suot na hood, alam niyang hindi nito masyadong napagmasdan ang kanyang anyo. Sa paraan marahil ng pagsasalita niya kaya nahulaan nitong Manileña siya.

Tumango siya at saka mabilis na umiwas ng tingin. Hindi niya gustong mamukhaan siya ng kahit na sino. Kailangan niyang mag-ingat. Maaaring mapadpad si Eric o ang mga tauhan nito sa lugar na iyon.

“Salamat na lang ho. Maghihintay-hintay na lang

muna ako dito,” aniyang hindi ito nililingon.

“Baka naantala ang susundo sa iyo dahil sa malakas na ulan kanina,” komento pa ng lalaki.

Hindi na sinagot iyon ni Karel. Natahimik na rin ang lalaki. Lihim siyang nagpasalamat na hindi ito muling nag-usisa pa.

Sinamantala ni Karel ang katahimikan upang lalong makapag-isip. Plano niyang magpaumaga na lang muna sa bus terminal. Mas safe siguro siya kung mananatili roon magdamag. Walang tigil ang dating at alis ng mga bus, ang iba ay galing ng Maynila at ang iba ay papunta sa mas malalayong probinsyang nasasakop ng Cagayan Valley.

Mas mabuti sigurong dumoon muna siya kaysa magbiyahe o maghanap ng hotel o inn na matutulugan. Alanganing oras na para magtanung-tanong pa siya ng matutuluyan.

Bukas na lang siya maghahanap ng pansamantalang matutuluyan. Ang tanging alam niya ngayon ay hindi muna siya babalik ng Maynila.

Sa nabuong desisyon ay medyo napanatag ang loob niya. Dala na rin marahil ng pagod ay naisandal niya ang ulo sa pader sa kanyang likuran. Napapikit siya at hindi napigilang maidlip. Makalipas pa ang

ilang minuto ay tuluyan na siyang nakatulog.

Dahil sa pagkaidlip na iyon ay hindi nakita ni Karel ang paghimpil ng isang *Land Cruiser*. Isang matangkad at malaking lalaki ang umibis mula sa sasakyan. Dere-derechong pumasok ito sa loob ng terminal. Siya na lamang ang pasaherong naroon kaya agad na tumutok ang mga mata nito sa kanya. Tuluy-tuloy ito sa ticket window. Saglit itong nakipag-usap sa lalaking nasa likod ng salamin. Iminuwestra siya ng ticket clerk sa bagong dating na lalaki. Tumangu-tango ang bagong dating at kapagdaka'y humakbang palapit sa kinauupuan niya.

Hindi sigurado ni Karel kung ano ang gumising sa kanya. Nagmulat siya ng mga mata at muntik nang mapasigaw nang mamalayan ang matangkad na lalaking nakatayo sa harapan niya.

Awtomatiko siyang napatayo. Mabilis na hinagilap ng isa niyang kamay ang traveling bag na nasa kanyang tabi.

Sa nanlalabo pa niyang isipan, unang pumasok na kaydali naman siyang natunton ng grupo ni Eric.

2

Nakahanda na si Karel sa pagtakbo. Ang nasa isip niya ngayon ay makalayo sa lalaking nasisiguro niyang isa sa mga tauhan ni Eric.

Napigil ang tangka niyang pagtakbo nang magsalita ang lalaki.

“So you did come.” Malamig ang baritonong boses nito. Titig na titig ito sa mukha niya. “Ang akala namin ay hindi ka pupunta. Nagbaka-sakali lang akong pumunta dito para sunduin ka.”

Sandaling nablanko ang expression ni Karel habang nakatingala sa lalaki. Hindi niya mawawaan ang sinasabi nito. Ang unang rumehistro sa utak niya habang nakatingin dito ay ang pisikal na kaanyuan nito. Matigas ang seryosong mukha ng lalaki. Nagbigay iyon ng dagdag na takot sa dibdib niya. Kailangan niyang tumingala nang husto dahil sa malaking agwat ng height nila. Halos pumantay lang ang ulo niya sa balikat nito. Bukod sa matangkad na ang lalaki ay malaki pa ang bulko ng pangangatawan nito. Naisip niyang kung sakali mang tatakbo siya ay tiyak na maaabutan din siya nito dahil sa mahahaba nitong mga biyas. At mukhang hindi na siya makakatakas

pa kapag nahawakan siya nito.

“I’m Liam Buenaventura. Kapatid ko si Ralf. Narito ako para ihatid ka sa farm,” sabi ng lalaki. Malamig pa sa gabi ang tono ng boses nito. Wala ring accent, di tulad ng ibang taga-roon na nakausap niya.

Kumunot ang noo ni Karel. Lalo siyang nagulumihanan sa sinasabi ng kaharap.

“Iyan lang ba ang bag na dala mo?” tanong nito, tinutukoy ang bitbit niya.

Tumango siya. Ibinuka niya ang labi upang magsalita ngunit walang katagang namutawi roon.

“Kaninang umaga lang namin na-receive ang telegramang ipinadala mo.”

Unti-unti ay nagkahugis kay Karel ang isang hinala. Naipagkamali siya ng lalaking ito sa sinumang hindi pamilyar dito. Obviously, hindi dumating ang babaeng nakatakda nitong sunduin. Walang ibang naghihintay sa terminal maliban sa kanya. Dahil doon ay napagkamalan siya nito na siya ang babaeng nagpadala ng sinasabi nitong telegrama.

Her shock for his sudden appearance was wearing off. Nawala na rin ang takot niya sa kaharap.

Muli niyang pinag-aralan ang anyo ng lalaki.

Mataas ito at malaki sa pangkaraniwang lalaki. Moreno ang kulay ng balat nito. Kaswal lamang ang suot nitong pantalong maong at itim na jacket na ipinatong sa gray shirt, ngunit nadala nito nang maganda iyon. May kakaibang character ang medyo pangahan nitong mukha. Expressive ang matiim na mga mata nito. At marahil kung naiba lamang ang kasalukuyan niyang sitwasyon ay iisipin niyang very attractive para sa kanya ang malakas na personalidad ng lalaki. Ngunit hindi ito ang tamang panahon para ma-attract siya sa isang estrangherong lalaki.

Ganunpaman ay medyo nakahinga siya nang maluwag. This man could not possibly be one of Eric's men. He was just a stranger who had mistaken her for someone else.

“Are you coming to the farm or not?” iritadong tanong ng lalaki, nang hindi pa rin siya nagsasalita.

Gusto sana niyang itama ang maling akala nito, ngunit sa halip ay...“G-gaano kalayo ang farm na iyon?” tanong niya.

“Far enough,” nakakunot-noong sagot nito. “Sasama ka ba o hindi? Hindi ka na sana nagpadala ng telegrama o pumunta dito kung hindi ka naman pala sigurado.”

Habang magkaharap sila ng lalaking nagpapakilalang ‘Liam Buenaventura’ ay pumukaw sa atensyon niya ang tatlong lalaking pumasok sa loob ng terminal. Base sa malagihay na paglakad ng mga iyon ay nahuhulaan niyang mga lasing ito. Sinundan niya ng tingin ang mga lalaki. Umupo ang mga ito sa bench na malapit sa kinatatayuan nila. Ngingising ngising tumingin sa kanya ang isa. Nanindig ang balahibo niya dahil sa hindi magandang paghagod ng tingin n ito sa kanya.

Kung mananatili siya ngayong gabi sa terminal na ito ay tiyak na makakasama niya ang tatlong lalaki. Wala siyang tiwala sa hitsura ng mga iyon. Impulsively, nagdesisyon siya.

“Sasama ako sa iyo, Mr. Buenaventura,” mabilis na sabi niya.

Dissappointment ba ang nakita niyang iyon sa expression ng lalaki? Bakit nagtungo pa ito sa terminal kung hindi pala nito gustong isama ang babaeng susunduin nito?

Ah, bahala na, she thought. Ngayong gabi ay sasama muna siya sa lalaki sa sinasabi nitong malayong farm. Hindi nito kilala ang babaeng susunduin nito. Kung mabuko man siya ng mga taong daratnan nila sa farm na hindi siya ang babaeng

iyon, magpapaliwanag na lang siya na kailangan lang talaga niya ng matutuluyan ngayong gabi. Bukas na bukas ay aalis na rin siya.

I'm taking a gamble here, she admitted to herself. It just might work out right. Kung papipiliin siya, mas gusto na niyang sumama sa estrangherong lalaking nasa harap, kaysa manatili sa lugar na iyon at makasama ang tatlong lalaking lasing.

“Okay, akina ang bag mo at sumunod ka na sa akin,” seryosong sabi ni Liam.

Atubili niyang ibinigay ang traveling bag. Nagpatiuna na ito sa paglakad. Walang-kibo siyang sumunod dito. Nag-iinit ang likuran niya, alam niyang sinusundan sila ng tingin ng tatlong lalaking lasing. Ramdam niya ang paninindig ng kanyang balahibo.

Muling lumakas ang ulan nang nasa labas na sila ng terminal. Kahit nakabalot ang katawan niya ng jacket ay nangangaligkig pa rin siya sa ginaw. Mabilis na binuksan ni Liam ang passenger seat ng *Land Cruiser* bago ito patakbong umikot sa panig ng driver's seat.

Isinilid ni Liam ang traveling bag sa loob ng compartment. Bago isara ang compartment ay kinuha nito mula roon ang isang wooly rug. Iniabot nito

iyon sa kanya.

“Tanggalin mo ang basang jacket mo at ibalot mo iyan sa katawan mo para hindi mo maramdaman ang ginaw,” instruction nito habang ini-start ang makina ng sasakyan. “Nasa paanan tayo ng bundok kaya mas matindi ang ginaw kapag ganitong gabi at malakas ang ulan.”

Bahagya siyang nasorpresa sa ginawa nito. Sensitibo naman pala ito sa kabila ng sour attitude na ipinakita nito kanina.

“S-salamat,” nanginginig na sabi niya, habang hinuhubad ang jacket.

Hindi niya napansin ang matagal na pagtitig sa kanya ng katabi nang ganap niyang mahubad ang jacket at maialis ang hood na tumatakip sa ulo niya. Nakawala mula sa hood ang mahaba at alun-along buhok niya. Nahantad din sa mga mata ng lalaki ang maliit at hugis-puso niyang mukha. Suot niya ay isang silk blouse na itinerno niya sa pantalong maong.

Hindi rin niya nakita ang pagtiim-bagang ng lalaki. Marahas nitong ibinaling ang paningin sa daang tinatahak nila.

Mabilis na binalot niya sa katawan ang woolly rug. Nawala ang matinding ginaw na kanina pa niya

nararamdaman.

Patuloy ang pagbagsak ng malakas na ulan kaya lalong naging madilim ang paligid. Ramdam ni Karel ang baku-bakong daan. At base sa nakikita niya mula sa ilaw ng sasakyan, makitid lamang ang kalsadang dinadaan nila.

Lihim siyang sumulyap sa katabing lalaki. Derecho at seryoso itong nakatingin sa landas na tinatahak nila. Confident ito habang hawak ang manibela. Ramdam niya ang papatinding curiosity para sa estrangherong lalaki. *May asawa na kaya siya?* curious na tanong ng isip niya. Sarili na rin niya ang sumagot sa tanong na iyon.

Sa isang taong ganoon kaguwapo, maliit ang possibility na binata pa ito. *So malamang, may asawa na nga siya.*

Nagtaka siya nang may tila panghihinayang siyang nakapa sa puso sa isiping iyon. Eh, ano ba ang pakialam niya kung hindi na available ang taong ito?

Napabuntong-hininga siya at tumingin sa labas ng sasakyan. Hindi niya napansin na napasulyap sa kanya ang lalaki dahil sa ginawa niyang iyon.

Sumagi sa isip ni Karel kung sinu-sino ang naghihintay sa kanila sa farm. Naalala niyang kanina

ay may binanggit ang lalaki na pangalan. Sino kaya ang ‘Ralf’ na iyon? Kung nasa farm man ang taong iyon ay malamang na kilala nito nang personal ang babaeng dapat sana ay siyang darating.

Napakagat-labi siya. Ang alam niya, hospitable ang mga taga-probinsiya. Hindi naman siguro siya ipagtatabuyan ng mga ito kapag nalaman nilang hindi siya ang in-expect nitong bisita.

Her throat dried and she swallowed, making an effort to hang on to her positive outlook.

“Ralf called you ‘Trina’. Palayaw ba iyon ng Katrina?” Tinig ng lalaki ang bumasag sa katahimikan sa loob ng sasakyan.

“O-oo,” sagot niya. Sa ngayon ay paninindigan muna niya ang pagsisinungaling. Baka kapag nabisto siya nito habang nasa daan sila, ay baka bigla na lang siyang ibaba nito sa kung saan at iwanang mag-isa sa gitna ng daan.

“Well, Trina, what made you finally decide to come?” Mariin ang bawat bigkas ni Liam ng salita, as if he was holding back some deep resentment.

Walang siyang maisagot doon. Ano ba ang dapat niyang sabihin? Hindi naman talaga siya si Trina at wala siyang alam sa sinasabi nito.

“Sana man lang ay tumawag ka sa telepono o kaya ay sumulat. Nagpadala ka nga ng telegrama, huli naman na.” Marahas ang tono ng pananalita nito. “Laging gumagawa ng dahilan si Ralf sa hindi mo pagpunta. He even...” Mula sa munting liwanag ay nakita ni Karel ang galit na anyo ni Liam. Dumiiin din ang pagkakakahawak nito sa manibela.

“Alam kong natanggap mo ang huling sulat sa iyo ni Ralf. Pero hindi ka pa rin pumunta.” Galit itong sumulyap sa kanya.

Awtomatikong napaisod si Karel palayo dahil sa nakitang galit sa anyo ni Liam.

“You know what, Lady? You’ve got to be the world’s biggest bitch to do what you did to Ralf.”

Kahit nagpapanggap lang siya, ay nasaktan pa rin si Karel sa sinabi nito.

“Kung ganyan naman pala ang iniisip mo tungkol sa akin, bakit pumunta ka pa rin sa terminal para sunduin ako?”

Marahas na buntong-hininga ang isinagot ng lalaki. Muli itong tumingin sa daang tinatahak nila.

“Bakit?” mapaklang sambit nito. “Dahil sa kabila ng lahat ng ginawa mo kay Ralf ay may karapatan

ka pa rin sa kanya. I only came to fetch you for his sake. Asawa ka pa rin ng kapatid ko.”

Muntik nang mapanganga si Karel sa sinabi nito. Asawa? Asawa pala ng Trina’ng iyon ang Ralf na tinutukoy nito.

“Alam mong may sakit si Ralf. Paulit-ulit ka niyang sinusulatan at pinapapunta dito pero ni minsan ay hindi mo pinagbigyan ang hiling niya.”

“May sakit si Ralf?” gulat niyang tanong.

Nakakainsultong napangiti si Liam. Puno pa rin ng galit ang mga mata nito nang muling sumulyap sa kanya.

“Alam mong may sakit si Ralf! Bago pa man kayo naghiwalay sa Maynila ay alam mong may malubhang karamdaman siya.”

Napayuko siya. Hindi niya magawang salubungin ang nanunumbat na mga mata nito.

“Ako ang nagpadala sa iyo ng telegrama upang ipaalam ang nangyari sa kanya,” pagpapatuloy nito. “Hindi ako sigurado kung tama ang address na pinadalhan ko. I was surprised nang matanggap namin ang sagot mo na darating ka ngayon.”

Nagsimula nang mag-panic ang isipan ni Karel.

Gusto na niyang magtapat dito na hindi talaga siya ang totoong Trina. Gusto niyang utusan ito na ibalik na lamang siya sa bus terminal. Pero hindi niya magawa iyon ngayon. Malayo na ang natatakbo ng sasakyan. They were kilometers away from the highway now. Kung sakaling lalong magalit ito sa pagtatapat niya, hindi na siya makakapaglakad pabalik doon.

“Hindi na lang sana ako nagpunta kung alam ko lang na ganyan pala ang nararamdaman mo para sa akin,” mahinang sabi niya. Totoo sa loob niya iyon. Kung alam lang niyang may malaking problema pala ang Trina’ng iyon sa pamilya ng Liam Buenaventura na ito, nagpaiwan na lang sana siya sa terminal.

Lalong nag-igting ang galit sa anyo ni Liam.

“You never really care for him, do you?”

“I-I...” she stammered.

“Never mind. Bale-wala na sa akin kung anuman ang sasabihin mo. Narito ka lamang para maging pormal ang lahat.”

“A-ano ang ibig mong sabihin?”

“Ralf’s wife has a right to be at his funeral.”

Literal na natigalgal si Karel sa sobrang pagkabigla.

Funeral? Gusto niyang isigaw ang tanong na iyon ng isip niya. Hindi man niya kilala ang Ralf na kapatid nito ay nabigla pa rin siya sa kaalamang patay na pala ang lalaking iyon.

“K-kailan ang libing?” pabulong na tanong niya. Halos hindi iyon lumabas sa bibig niya. Pakiramdam niya ay may malaking bikig sa lalamunan niya.

“Bukas na ng umaga.” Nangunot ang noo nito nang mapansing halos nawalan ng kulay ang mukha niya. “You knew he was dying,” nang-uusig ang tono nito.

“I never... look here, Mister, I...”

“Ano ang ginawa mo sa perang ipinadala sa iyo ni Ralf?”

“Pera?” naguguluhang tanong niya.

“Yes, the money. Siguro ay naubos mo na ang perang ibinigay sa iyo ng kapatid ko. At kaya ka pumunta dito ngayong patay na siya, ay para alamin kung magkano pa ang mamanahin mo mula sa kanya.” Painsultong sinulyapan siya nito. “Do you see yourself as a rich widow, Trina?”

Kahit hindi siya ang totoong si Trina ay nagpanting pa rin ang tainga ni Karel. This man had gone far

enough.

“Dahan-dahan ka ng pagsasalita, Mr. Buenaventura.” Tumigas na rin ang tinig niya. “I’d better tell you, I’m not—”

“Tama ka, Trina, you’re not,” putol nito sa iba pang sasabihin niya. “Nagkakamali ka kung iniisip mong mapupunta sa iyo ang farm na madalas banggitin sa iyo ni Ralf. The farm never belonged to Ralf. Doon siya nakatira pero ang farm ay nakapangalan sa akin. So, kung pinakasalan mo man si Ralf dahil iniisip mo that he’s a rich farmer, you were badly mistaken. The farm is mine.” Sandaling tumigil ito sa pagsasalita upang bigyan siya ng tsansang makapagsalita.

Pero pinili niyang manahimik. Sa ngayon ay hindi niya maipagtatangol ang kanyang sarili. Paano kung totoong oportunistang ang Trina’ng iyon?

“Ang tanging karapatan mo lang sa ngayon ay pumunta sa libing ng kapatid ko, to pay your last respect. After that, as far as I’m concerned, you can get the hell out of here and forget you ever knew anyone by the name of Buenaventura.”

3

Pinili na rin ni Karel na huwag nang magkomento. Iginiit niya sa sariling wala siyang karapatang ipagtanggol ang sarili. Hindi siya ang totoong Trina. Ibinaling na lang niyang muli ang paningin sa labas ng sasakyan. They had been traveling for almost an hour. Bahagya na ring tumila ang malakas na ulan.

Sa madilim na paligid ay isang poste ng ilaw ang natanawan niya sa di-kalayuan. Sa tabi niyon ay isang mataas na arkong bato. Nakaukit sa arkong bato ang salitang '*Buenaventura Farm*'. Pumasok doon ang kotse. Nabawasan ang pusikit na kadiliman dahil sa ilaw ng mga poste sa gilid ng daan. Mula sa bukana ng farm ay sementado na ang dinaraan nila. Mas malapad na rin iyon kumpara sa kaninang kalsadang dinaanan nila. Sa magkabilang gilid niyon, ay maayos na nakahanay ang mga matatandang puno ng narra at kamagong na animo sinukat ang distansya mula sa bawat isa. Kung sa araw lamang daraanan sa lugar na iyon ay mamamalas ang tila malawak na berdeng alpombra na nakalatag sa likuran ng mga iyon. Sa di-kalayuan naman ay ang malawak na taniman ng iba't ibang klase ng mga bulaklak.

Mahigit na dalawang milya pa ang nilakbay ng *Land Cruiser* bago ito huminto sa tapat ng isang malaking farm house. Nagliliwanag ang loob ng malaking bahay pati na ang buong paligid sa labas nito. Ilang metro mula roon ay nakatayo ang isang maliit na chapel. Naroon at nag-uumpukan ang karamihan ng mga tao. Sa loob niyon marahil nakalagak ang labi ng kapatid ni Liam.

Kinakabahang muling isinuot ni Karel sa katawan ang jacket. Bumaba siya mula sa sasakyan. She shivered a little as the full force of the cold night wind blew.

Napansin iyon ni Liam. Inalalayan siya nito at magkasabay silang naglakad papasok sa chapel. Nasa kanila ang lahat ng atensyon ng mga taong naroroon. Hindi nakaligtas sa pansin niya ang pagbubulungan ng mga tao habang pinagmamasdan siya.

Habang palapit sila sa casket ay gusto nang tumakbo ni Karel palabas. Ramdam niya ang panginginig ng tuhod. Hindi niya kilala ang taong nakahimlay sa loob ng kabaong. Hindi rin niya gustong tingnan iyon.

Hindi siya dapat na naroroon. Wala siyang karapatan na magpanggap na asawa ng namayapa. Pero wala na siyang choice sa pagkakataong ito.

Muntik na siyang mapapikit nang tunghayan niya ang loob ng casket. Ilang minuto silang nagtagal sa tabi niyon. Kung hindi lamang siya hawak sa siko ni Liam ay malamang na wala pang isang segundo siyang tumunghay roon. Takot siya sa patay, lalo na at hindi naman niya kilala ng personal. Dinig niya ang ugong ng bulung-bulungan ng mga tao habang nakatunghay siya sa mukha ng patay. Lahat ay nag-aabang sa reaksyon niya. Lalong lumakas ang anasan sa paligid nang walang luhang pumatak mula sa kanyang mga mata habang nakatingin siya sa namayapang 'asawa' niya.

Dinig din niya ang buntong-hininga ni Liam sa tabi niya. Nakatiim-bagang ito nang sandaling sulyapan niya ito. Nang hindi na niya matagalan ang pagtitig sa mukha ng patay, lumayo na siya roon. Umupo siya sa isa sa mga upuan sa unahan. Napatitig siya sa kawalan. Sinadya niyang huwag tumingin sa paligid; hindi niya gustong makita ang reaksyon ng mga taong naroon. Natatakot siya sa maaari niyang makita sa mga iyon.

Mayamaya lamang ay naramdaman niya ang pagupo ni Liam sa tabi niya. Hindi niya alam kung gaano siya katagal na nakaupo roon. Maraming lumapit sa katabi, kumamay at nagbigay ng pakikiramay. Karamihan sa iyon ang tumingin sa direksyon niya,

ngunit sinadya niyang iiwas ang tingin. Siguro nga, ni minsan ay hindi nakarating sa lugar na iyon si Trina. Wala kasing bumati sa kanya, ni walang nag-abot ng kamay. Wala ring nagsabi na hindi siya ang tunay na asawa ng namayapang lalaki. Ipinagpasalamat niya iyon, at nabawasan rin ang pangingilag niya kahit papaano.

Hindi niya mapigilan ang ilang beses na paghihikab. Gusto na niyang pumikit dahil sa matinding pagod na nararamdaman niya. Nagulat pa siya nang maramdaman ang mahinang pagtapik sa kanyang balikat. Nakatitig sa pagal niyang mukha si Liam.

“Tayo na muna sa loob ng bahay para makapagpahinga ka sandali,” suhestyon nito. “Maaga ang libing bukas.”

Grateful siyang tumango. Gustung-gusto na talaga niyang matulog.

Marami ring tao sa loob ng nineteenth-century-old farm house. Siya ang focus ng atensyon ng mga tao roon nang pumasok sila.

“Nana Pilar, si Trina, asawa ni Ralf,” pakilala ni Liam sa kanya nang masalubong nila ang isang

matandang babae.

Tumango lang sa kanya ang matanda. Walang ekspresyon ang mukha.

“Pakihatid ho siya sa guestroom sa itaas,” utos ni Liam dito.

Walang kibong nagpatiunang umakyat ng hagdan ang tinawag na ‘Nana Pilar’. Sumunod si Karel dito.

“Bukas ng alas diez ng umaga ang libing ni Ralf. May misa ng alas nueve,” pahabol sa kanya ni Liam.

Lumingon siya rito at tumango. Bigla ay may naalala siya.

“Itatanong ko sana kung nasaan ang bag ko.”

“Nasa silid mo. Ipinahatid ko na kanina.”

Muli siyang tumango at saka sumunod na kay Nana Pilar sa pag-akyat sa paikot hagdanang yari sa matibay na mahogany.

Mga lumang portrait ang nakasabit sa magkabilang bahagi ng dingding ng makitid na hallway. May hawig kay Liam ang ilan sa mga iyon kaya nahulaan niyang mga ninuno iyon ng lalaki. Tila nang-uusig ang matatalim na titig ng mga ito sa kanya. Dumerecho siya ng tingin upang iwasan ang

mga iyon.

Ang pangatlong kuwarto sa kaliwang bahagi ng pasilyo ang binuksan ni Nana Pilar. Katamtaman ang laki niyon, antique canopy bed ang nasa gitna. Katerno ng white bedsheets at pillows ang mga kurtinang nasa bawat panel. Nanghahalina ang kutson sa inaantok nang diwa niya. Ang gusto niya ay humiga na roon agad at matulog.

“Gusto mo bang ipaghatid kita ng pagkain dito?” pormal na tanong ni Nana Pilar sa kanya. May punto ang pananagalog nito, hindi tulad ni Liam.

“Huwag na ho, salamat na lang,” tanggi niya. Hindi siya nakakaramdam ng gutom, mas gusto niyang matulog na lang.

Pilit siyang ngumiti rito ngunit hindi gumanti ng ngiti ang matandang babae.

Palabas na ito ng silid ng tanungin niya ito. “Saan ho ako puwedeng magbanyo?”

“D’yan sa kaliwang pinto katabi nitong silid mo,” pormal pa rin nitong tugon, pagkatapos ay tumalikod na.

Napabuntong-hininga siya habang paupo sa kama. Hindi na siya magtataka kung maging malamig

man ang trato sa kanya ng lahat ng tao roon. Hindi naging maganda ang impression kay Trina ng mga taong malalapit kay Ralf.

Nahagip niya ng tingin ang traveling bag sa kama. Binuksan niya iyon at kumuha ng bihisang damit. Walang tao sa hallway nang lumabas siya.

Napansin niya ang isang connecting door sa katabing silid nito. Bago siya maghubad ng damit ay siniguro muna niyang naka-lock ang pintong iyon. Mahirap na, baka bigla na lang maisipan ng umuokupa ng silid na iyon na gamitin rin ang banyo habang nasa loob siya. Mabilis siyang naligo at nag-toothbrush.

Balak pa sana niyang patuyuin ang buhok, ngunit paglapat ng likod niya sa malambot na kama ay hindi na niya namalayang mabilis na siyang nakatulog.

Tatlong sunud-sunod na katok sa pinto ang gumising sa kanya kinabukasan. Isang magandang dalagita ang napagbuksan niya.

“Malapit na pong magsimula ang misa.” Hawak nito ang isang tray na may lamang pagkain. “Pinadalhan kayo ni Sir Liam ng almusal. Kumain daw po muna kayo bago bumaba.”

“Salamat.” Inabot niya ang tray. “Ano’ng pangalan mo?” Nginitian niya ito.

“Teresa po.” Kimi itong ngumiti, pagkatapos ay tumalikod na.

Sampung minuto bago mag-alas-nueve ng umaga, ayon sa wall clock na nakasabit sa dingding. Kumakalam na sa gutom ang tiyan niya. Noon lang niya naalalang kahapon ng tanghali ang huli niyang kain.

Sinangang, pritong itlog, home-made langonisa, manggang hinog at fresh orange juice ang laman ng tray. Mabilis na kinain niya ang mga iyon.

Itim na pantalon at white long-sleeve blouse ang pinili niyang suotin. Eksaktong kasisimula pa lang ng misa nang dumating siya. Pagkatapos ng misa ay nagsalita ang ilang malalapit na kaibigan at kamag-anak ni Ralf Buenaventura.

Nalaman ni Karel mula sa mga iyon na ampon pala ng mga namatay na mga magulang ni Liam si Ralf. Hindi taal na taga-Ilagan, Isabela ang mga Buenaventura. Nagmula ang mga ito sa isang probinsya sa Katagalugan. Nang bilhin ng mga ito ang farm mula sa isang native roon ay kasabay na inampon ng mga ito ang ulilang si Ralf. Si Ralf ay anak

ng mga dating katiwala ng farm. Sabay na namatay sa isang aksidente ang tunay na mga magulang nito.

Hindi man magkadugo ay nagturingan pa ring higit pa sa tunay na magkapatid sina Liam at Ralf. Nalaman din niya na isa palang social worker si Ralf. Lumaki ito sa farm, ngunit malimit itong mag-ikot sa iba't ibang panig ng Pilipinas upang tumulong sa mga nangangailangan. Inilarawan ng mga nagsalita kung gaano kabait at kabuting tao ang kanyang 'asawa'.

Ano kaya ang iisipin ng lalaking iyon kung nalaman nitong nagpapanggap siya bilang asawa nito? Lalong sumidhi ang guilt na nararamdaman ni Karel habang nakikinig sa speech ng mga taong malalapit kay Ralf. Si Liam ang huling nagbigay ng salita. Madilim at malungkot ang anyo nito. His words were sincere, his voice deep with intense feelings as he talked about his brother.

Nag-iinit ang mukha niya ng mga sandaling iyon. She felt his disapproval and hostility toward her, kahit sa itinatapon lang nitong mga tingin sa kanya.

Nagpasalamat siyang hindi na siya hiningan ng speech. Ipinaliwanag na lang nito that she was too emotionally drained para makapagsalita. Tila naintindihan naman iyon ng mga tao. Kung nagkataon, baka hindi niya marahil malaman kung

ano ang gagawin.

Sa mauseleo sa loob ng farm inilibing ang mga labi ni Ralf. Inilagak ito sa tabi ng puntod ng mga magulang ni Liam. Marami sa mga nakipaglibing ang nakipagkamay at naghatid na pakikiramay kay Liam. Siya, na supposed to be ay biyuda ng namatay ay matipid na tango lang ang natatanggap mula sa mga ito. Marami sa mga iyon ay lantarang inignora ang presence niya. It was clear that most of them had already formed negative opinions about Ralf's wife.

“You must be Trina.” Isang babae ang lumapit sa kanya. Maaliwalas ang mukha nito bagamat may lungkot ng pakikiramay sa anyo. Sa tantya ni Karel ay higit sa treinta ang edad nito. Inilahad nito ang isang kamay sa kanya. “Nakikiramay kami ng pamilya ko,” sinserong sabi nito.

Inabot niya ang kamay nito at ngumiti. “Maraming salamat,” aniya. So far, ngayon pa lang may lumapit sa kanya na hindi niya kinakitaan ng hostility.

“Ako nga pala si Verna at ito ang kapatid kong si Giselle.” Iminuwestra nito ang katabing babae na mas bata marahil rito.

“Hello,” walang kangiti-ngiting bati ng babae. Matangkad ito at balingkinitan ang katawan. Lalo

itong tumangkad sa suot na A-cut white dress. Hindi tulad ni Verna, hindi nito inabot ang kamay sa kanya. Nasa mukha nito ang boredom habang nakatingin sa kanya. Tila hindi rin ito interesadong makipag-usap sa kanya.

“Kami ang pinakamalapit na kapit-bahay ng mga Buenaventura. Mga kababata namin sila,” patuloy ni Verna. “Husband ko ’yung kausap ngayon ni Liam.” Bahagya nitong nilingon ang kinaroroonan ng dalawang lalaki. “We’re really sorry about Ralf. Mahal siya ng bayang ito. We’re all going to miss him.”

“I know,” mahinang sagot niya. “Mami-miss siya lalo ni Liam.” Hindi niya alam kung bakit iyon ang sinabi niya.

Na-imagine lang ba niya ang pag-ismid ng kapatid ni Verna? Napansin din niyang malimit itong sumulyap sa gawi ng binata.

“Kung may time ka sa mga susunod na araw, dumalaw ka sa amin bago ka bumalik ng Maynila. D’yan lang kami sa kabilang farm,” pag-iimbita ni Verna.

Bago pa siya makasagot ay nakalapit na sa puwesto nila sina Liam. Nakiramay at nakipagkamay rin sa kanya ang asawa ni Verna.

“Hindi naman magtatagal dito si Trina. Babalik agad siya ng Maynila,” ang binata ang sumagot para sa kanya.

“Hindi mo na hihintayin ang pasiyam ni Ralf?” tanong uli ni Verna.

“H-hindi na siguro,” aniya. “I don’t intend to stay that long.”

“Gan’un ba?” Waring nadismaya si Verna.

Satisfied naman na ngumiti ang kapatid nitong si Giselle. Muling napagkit ang mga mata nito kay Liam.

Pagkatapos ng libing, bumalik ang mga tao sa farm house para sa isang salu-salo. Bandang hapon nang mag-alisan ang mga nakiramay.

Pumanhik si Karel sa silid niya sa itaas. Matagal muna siyang umupo sa kama. Naisip niyang wala nang dahilan pa para manatili siya roon. Inaasahan marahil ni Liam na babalik na rin siya kung saan man siya nanggaling. Isinilid niyang muli sa bag ang mga damit na pinagbihisan niya. Pumanaog siya ng hagdan upang kausapin sana si Liam. Tahimik at walang ibang tao sa sala.

Dahil sa pagod kagabi at pagmamadali naman

Stolen Identity - Emily Loris

kaninang umaga, ngayon lang niya ganap na napagmasdan ang kabuuan ng unang palapag ng bahay. Very homey at country style ang disenyo ng buong bahay. Maliwanag ang paligid dahil sa floor to ceiling windows. Nakahawi sa bawat gilid ng bintana ang makakapal na floral curtains na kulay yellow, kaya malayang nakakapasok ang liwanag na nagmumula sa sikat ng araw. Nakadagdag pa sa maaliwalas na paligid ang kombinasyon ng yellow at white wallpaper. Nagbigay rin ng cozy look ang iba't ibang kulay ng throw pillows na nasa ibabaw ng paikot na plaid-covered sofa. Napansin rin niya ang mga vintage furniture collections na marahil ay galing pa sa ibang bansa. Nagbibigay rin ng malamig na pakiramdam ang mga fortune plants at palmera na nasa bawat sulok ng bahay. May mga sariwang bulaklak din na nakaayos sa mga plorera.

Sa isang panig ng bahay ay isang french door patungo sa isang maluwang at magandang hardin. Puno iyon ng iba't ibang klase ng halaman. Wala ring tao roon.

Nakarating siya sa kusina dahil sa paghahanap niya kay Liam. Si Nana Pilar at ang dalagitang naghatid sa kanya ng pagkain kaninang umaga ang naabutan niya roon. Binigyan siya ng mga ito ng direksyon patungo sa study room. Malamang daw

ay naroon ang hinahanap niya.

Walang nagbukas sa kanya ng pinto nang kumatok siya sa pinto. Sinubukan niyang pihitin ang seradura, bukas. Marahan niyang binuksan iyon.

Katamtaman ang luwang ng silid. Halos napuno ng libro ang mga floor-to-ceiling cabinets na nakasandal sa dingding. Isang malapad na office table ang nasa gitna. May computer sa ibabaw niyon, katabi ng telepono.

Pagkakita sa telepono ay nagkaroon siya ng ideyang gamitin iyon. Dinukot niya mula sa wallet ang phonecard. Maglo-long distance call siya sa kaibigang si Grace. Iwinaksi niya ang ideyang tawagan sa kanilang bahay si Yaya Nelia. Nangangamba siyang baka si Eric pa ang makausap niya.

“Karel!” excited na sigaw ng babae sa kabilang linya nang marinig ang tinig niya. “Where are you, Girl? Are you all right?”

“Yes, Grace, I’m all right.” Tila gusto na niyang maiyak pagkarinig sa pamilyar na tinig ng kaibigan. Pakiramdam niya mula pa kahapon ay nag-iisa siya sa mundo. At ngayon lang siya nakahanap ng kakampi.

“Nasaan ka ba ngayon?” muling tanong nito, nasa tono ang pag-aalala. “Ano ba’ng nangyari?”

Ilang araw na kitang kino-contact sa cellphone mo pero laging out of coverage area. Kahapon naman, sumugod dito si Eric at hinahanap ka. He's so mad, Best Friend, and he's looking for you."

"Huwag mo nang contact-in ang cellphone ko. Kung sakali mang may sasagot doon, ay si Eric ang makakausap mo." May galit sa tinig niya nang banggitin ang pangalan ng lalaki.

Napansin agad ni Grace na hindi na niya tinawag na 'kuya' si Eric. "Bakit? Ano ba'ng nangyari? Tell me," pangungulit nito. "Kahapon pagkagaling ni Eric dito, ay tumawag ako sa inyo. Si Yaya Nelia ang nakausap ko. Ayaw naman niyang magsabi sa akin kung saan ka pumunta. Basta ang sabi lang ay tumakas ka nga raw."

Sa mabilis na pagsasalita ay ikinuwento niya kay Grace ang mga pangyayari nang nagdaang linggo—ang pagpipilit ni Eric na makasal siya sa pinagkakautangan nito, ang pagkukulong nito sa kanya sa silid niya, at ang pagtakas niya mula sa malaking bahay."

Grace was spitting fire matapos siyang magkuwento.

"Ang walanghiyang Eric na iyon! Ang akala ko pa naman ay kabait-bait niyang tao. Once in my life ay naging crush ko pa naman ang stepbrother mong

iyon. Demonyo pala iyon!”

“Grace, please, huwag na huwag mong babanggitin sa kanya na nagkausap tayo ngayon.”

“Talagang hindi ko sasabihin. Pitpitin man ako ng Eric na iyon!” Tila humihingal na sa galit ang kaibigan. “Ano ang gusto mong gawin ko? Magre-report ba ako sa mga pulis para isumbong ang ginawa niya sa iyo?”

“Huwag na lang, Grace,” malungkot na sabi niya. “Ayoko nang palakihin ang gulo. Kahit hindi ko siya kadugo, kapamilya ko pa rin siya dahil anak siya ni Tita Agnes. Mananahimik na lang muna ako bilang respeto sa alaala ng papa ko at ni Tita Agnes.”

“Paano ang bahay sa *Corinthian*? Di ba sa papa mo ang bahay na ’yon? Bakit hindi na lang si Eric ang palayasin mo?”

“Nakapangalan sa akin ang bahay. Balang-araw ay babalikan ko ’yon. Ang gusto ko lang muna ngayon ay pansamantalang makalayo kay Eric.”

Dinig niya ang pagbuntong-hininga ng kaibigan.

“Ang payo ko sa iyo ngayon ay huwag ka munang bumalik ng Maynila. Stay wherever you are now. Mas safe ka d’yan kung nasaan ka man ngayon. Talagang

pinaghahanap ka ngayon ng grupo nina Eric. Lahat ng mga kaibigan natin at mga kamag-anak mo ay pinuntahan na nila. Baka nag-aabang na ang mga tauhan ng Eric na iyon sa mga pier, paliparan at mga bus stations just in case na bumalik ka.”

Napakagat-labi si Karel. Kung gayon, kailangan pa rin niyang magpanggap bilang Trina sa ngayon.

May sasabihin pa sana si Grace nang biglang maputol ang linya. Zero balance na ang phonecard niya. Masaya na rin siya dahil nasabi na rin naman niya ang dapat niyang sabihin. Dahan-dahan niyang ibinaba ang telepono.

“You made yourself at home, I see...”

Muntik nang mapatalon si Karel nang marinig ang boses ni Liam. Nalingunan niyang nakatayo ito sa tabi ng pinto. Madilim ang anyo nito.

4

Dahan-dahang pumasok sa loob ng silid si Liam. Tumayo ito sa gilid ng office table. Kanina pa nito nahubad ang white blazer at lalong nagmukhang intimadating ito sa suot na itim na long-sleeve shirt na itinupi ang manggas hanggang siko. Naka-tuck in iyon sa itim ding pantalon. He was leaning against the desk with a casualness that was at odds with the obvious locking of his jaw.

“Ginamit ko ang telepono mo using my card,” defensive na paliwanag niya sa long-distance call na ginawa niya.

Kumakabog ang dibdib niya sa kaba. Tinatanong niya sa isip kung gaano na katagal ang lalaki sa loob ng silid at kung narinig kaya nito ang pinag-usapan nila ng kaibigan sa telepono.

Bahagya lang na tumango ang lalaki. He looked at her stoically.

“Galing ako sa kuwarto mo. I thought umalis ka nang hindi nagpapaalam sa akin,” anito, walang expression ang mukha.

“I was looking for you, too. Nakarating ako dito

sa paghahanap sa iyo.” Ramdam niya ang mabilis na tibok ng puso dahil sa ginagawang pagtitig sa kanya ng lalaki.

“We need to talk about your plans of leaving.”

Tumango siya bilang pagsang-ayon. Ngunit naalala niya ang payo sa kanya ni Grace kanina. Kung babalik siya ng Maynila, ay malamang na matagpuan siya ng mga mga tao ni Eric. Pero hindi naman niya alam kung saan siya puwedeng pumunta pa. Natatakot siyang lumabas at magbiyahe. Baka nag-aabang lang sa mga bus stations ang mga tauhan ng stepbrother.

“I do plan to leave but...” mahinang sabi niya. *...not yet.*

“You’re a little short on cash?” Na-misinterpret ng binata ang dahilan ng pag-aatubili niya.

No! gusto niyang isigaw rito. Pero mabilis siyang nag-isip. Mas mabuti kung sasakyan niya na lang ang maling interpretasyon nito.

This farm was a good hiding place. Mas malaki ang posibilidad na matagpuan siya ni Eric kung tutuloy siya sa mga hotel.

“W-wala akong pamasaha pabalik ng Maynila,”

she lied. “Eksakto lang ang dala kong pera papunta dito.”

“I see...” Tumangu-tango ang lalaki habang titig na titig sa kanya. “In other words, humihingi ka ng pamasaha sa akin?” nang-uuyam na tanong nito.

“No!” pabiglang sambit niya. Ngunit agad ding nagbago ng isip, “I mean, y-yes!”

Nangunot ang noo ni Liam. “Make up your mind, yes or no?”

“Yes,” halos hindi iyon lumabas sa bibig niya. She hated to say those words. Hindi siya sanay magsinungaling. At nahihiya rin siya sa ginagawa. “Huwag kang mag-alala, hindi naman ako basta maghihingi. Pagtatrabahuhan ko ang kapalit ng perang iyon.”

“Ano ang ibig mong sabihin?” Lalong lumalim ang pangungunot ng noo nito. “Bibigyan kita kung kailangan mo ng pera. You can have enough money to get back to Manila or wherever you want to go. For my brother’s sake, ofcourse.” Matiim itong nakatitig sa kanya, nasa mga mata pa rin nito ang galit.

“Hindi ako nanghihingi ng anumang pabor mula sa iyo,” pagtatama niya. It was becoming difficult for her to keep her own identity and pride separate from

the real Trina. “I don’t take any thing out of nothing. Kung bibigyan mo man ako ng pera ay gusto kong pagtrabahuhan iyon.”

“Really?” nakakainsultong tanong nito. May kalakip ring pagdududa iyon. His mouth curved satirically. “Magtatrabaho ka dito sa farm?”

Sunud-sunod siyang tumango. *Basta huwag mo lang muna akong paalisin dito sa farm*, hiling ng isip niya.

“Wala bang naghihintay na trabaho sa iyo sa Maynila?”

“Sa ngayon ay wala akong trabaho sa Maynila, naghahanap palang. Ang totoo, ang hihingin kong pera sa iyo ay pamasahe ko at pambayad sa upa ng bahay na tinutuluyan ko doon. Paaalisin na kasi ako ng may-ari kapag hindi pa ako nakapagbayad sa susunod na buwan,” pag-iimbento niya ng kuwento.

Hindi ito sumagot. It was impossible to tell from his expression what he was really thinking. Naiilang na inalis niya ang tingin sa mga mata nitong derechong nakatitig sa kanya.

“Magkano ang eksaktong halaga ng perang kailangan mo?” mayamaya ay untag nito.

Sinabi niya ang unang halagang pumasok sa isip niya. “Kung minimum wage ang isusuweldo mo sa akin ay pagtatrabahuhan ko iyon ng tatlong linggo,” aniya.

“Three weeks could be a long time. You think you could stick here that long?”

“Y-yes.” Sapat na ang tatlong linggo para makapagtago. By that time ay safe na siguro siyang bumalik ng Maynila.

“Sa palagay mo, ano ang puwede mong gawin dito sa loob ng farm? May alam ka ba sa takbo ng buhay sa ganitong lugar?”

Napayuko si Karel. This is time, hindi siya puwedeng magsinungaling.

“Aaminin ko, ngayon ko lang naranasang tumira sa probinsya. Wala akong ideya sa takbo ng buhay ninyo dito.”

Dinig niya ang pagbuntong-hininga ni Liam. Nakatitig pa rin ito sa kanya nang muli siyang mag-angat ng tingin.

“Marunong ka bang magluto?”

Mabilis siyang tumango. Natuto siyang magluto ng iba’t ibang putahe mula sa kusinera nilang si Aling

Ibing.

“Good. Kailangan ko ng tutulong kay Nana Pilar sa pagluluto. Marami akong tauhan dito sa farm at ang iba sa kanila ay libre ang pagkain sa tanghalian. Matagal nang hinihiling sa akin ni Nana Pilar na magkaroon siya ng makakatulong sa pagluluto.”

“Hindi lang sa pagluluto ako marunong. Marunong din ako sa mga gawaing-bahay,” excited na sabi niya. Muli ay nagsinungaling siya. Ang totoo, nagpapa-impress lang siya. Bukod sa pagluluto ay wala na siyang alam na iba pa, dahil marami naman silang katulong para gumawa ng mga iyon. Pero naisip niyang maaari naman niyang pag-aralan ang mga paglilinis.

Banaag ang sorpresa sa anyo ni Liam. Naghintay siya sa susunod na sasabihin nito.

“Okay, considered yourself hired as cook.”

Kung hindi lamang niya napigil ang sarili ay muntik na niyang mayakap ito sa sobrang tuwa.

“Salamat,” aniya.

“You can start with the dinner tonight,” utos nito. “Ilang gabi nang puyat at pagod si Nana Pilar kaya binigyan ko siya ng tatlong araw na pahinga. Mula

sa gabing ito ay ikaw muna ang solong magluluto. Biyernes ngayon, so sa Lunes mo pa makakatulong si Nana Pilar. Kung may kailangan ka man o may itatanong tungkol sa mga gamit sa kusina ay si Teresa ang tanungin mo. Siya’yung dalagitang kasa-kasama ni Nana Pilar.”

Tumango siya bilang pagsang-ayon.

“Just one more thing,” pagpapatuloy nito. “Magtatrabaho ka dito bilang kusinera pero hindi kita itinuturing na katulong. Biyuda ka ng kapatid ko at dahil doon, parang kamag-anak na rin kita. Sa guestroom sa itaas ka pa rin matutulog. Hindi ka obligadong gumawa ng mga gawaing bahay, bukod sa pagluluto.” Pagkasabi niyon ay tumalikod na ito. Bago lumabas mula sa study room ay lumingon ito sa kanya. “Maaari mo ring gamitin ang telepono anumang oras na gustuhin mo.”

“Thank you.” Ngumiti siya rito nang matamis.

Tinitigan lang siya ng lalaki ngunit hindi ito gumanti ng ngiti. Pagkatapos ay tuluy-tuloy na itong lumabas.

Considerate din naman pala ang Liam Buenaventura na iyon, naisip ni Karel.

Si Karel na nga ang nagluto ng hapunan nang gabing iyon. Matapos ang padasal na ginanap sa chapel ay nagtuloy na siya sa kusina. Nagtaka man sa presensya niya sa kusina ay hindi naman nag-usisa ang dalagitang si Teresa.

Nang tanungin niya ito tungkol kay Nana Pilar ay nalaman niyang umuwi na pala ang matanda sa bahay ng isang anak nito sa kabayanan. Si Teresa ay apo pala ni Nana Pilar. Estudyante ito at nasa pangalawang taon sa high school. Pagkagaling sa eskuwela, tumutulong ito sa mga gawaing bahay sa loob ng farm house. In return, pinag-aaral ito ni Liam sa isang eskuwelahan sa bayan.

Hindi naman siya nahirapan sa paghahanda ng mga pagkain. Kompleto sila sa mga modernong kagamitang pangkusina. Sapat din ang grocery items at puno ang refrigerator.

Simple lamang ang mga niluto niya mula sa napakaraming left- over foods. Bilang appetizer ay gumawa siya ng corn soup. Para sa main dish ay ininit niya sa oven ang natitirang roasted chicken. Gumawa siya ng gravy para roon. Ni-recycle niya ang lechong kawali at nagluto siya ng paksiw na lechon mula roon. Gumawa rin siya ng buttered vegetables. Ang nakita niyang buko pie sa refrigerator ang panghimagas.

Limang katao silang nagsalu-salo ng hapunan sa dining room ng gabing iyon. Kasalo nila sa hapag si Teresa, si David na assistant ni Liam sa pamamahala sa farm at si Mang Tony na foreman at stay-in sa loob ng farm house.

Si Liam lang ang hindi pumuri sa kanya sa masarap na niluto niya. Ngunit base sa expression nito ay mukhang satisfied naman ito sa mga pagkaing inihain niya. Katulad ng dapat asahan hindi sila kasali ni Teresa sa pag-uusap ng tatlong lalaki. Mga gawain tungkol sa farm ang topic ng mga ito.

Hindi naman niya maiwasang hindi mapakinggan ang pinag-uusapan ng mga ito. Mula sa pakikinig ay nalaman niya na personal palang pinangangasiwaan ni Liam ang malawak na farm na pag-aari nito. Maraming manggagawa sa loob ng farm na karamihan ay binigyan ng tirahan sa loob niyon. May poultry, piggery, taniman ng tabako at mga gulay ang farm. May orchard din ng mga bulaklak. May mga tauhan din si Liam na namamahala sa malawak na palayan sa labas niyon.

Nag-init ang pisngi niya nang magtama ang paningin nila ni Liam nang minsang mag-angat siya ng tingin. Huling-huli niyang nakatutok ang mga mata nito sa kanya habang nakikipag-usap kay

David. Mabilis siyang nagbaba ng tingin, iniwasan niyang muling mapatingin sa direksyon nito at pilit siyang nag-concentrate sa pagkain. Ngunit sa wari ay nawalan ng lasa ang pagkaing nginunguya niya. Pinilit na lang niyang ubusin ang laman ng plato niya.

Magkatulong sila ni Teresa sa pagliligpit ng pinagkainan. Ngunit hindi pumayag ang dalagita na tulungan niya ito sa paghuhugas ng pinggan. Gayunpaman, hindi siya umalis ng kusina hangga't hindi niya nasigurong nasa tamang lugar ang lahat. Hinintay muna niyang makapasok si Teresa sa quarter nito bago siya umakyat sa sariling silid.

Para makaakyat siya sa ikalawang palapag ay kailangan niyang tawirin ang salas. Nasa kanang bahagi niyon ang mini-bar. Naabutan niya sina Liam at David doon. Sumisimsim ang mga ito ng alak habang nag-uusap. Naputol ang pag-uusap ng mga ito nang dumaan siya. Interesadong nakamata sa kanya si David.

“Matutulog ka na?” nakangiting tanong nito sa kanya.

“Oo,” sagot niya.

“Good night,” ani David uli.

“Good night din.” Napasulyap siya kay Liam.

His eyes swept over her once—then his eyes brushed quickly past her.

Nag-iinit ang likuran niya habang paakyat siya ng hagdan. At hindi rin niya maintindihan kung bakit mabilis ang pagtahip ng dibdib niya. Okupado ang buong isip niya ng imahe ni Liam.

Pagdating sa sariling silid ay matagal muna siyang tumayo sa harap ng salamin. Tinatanong niya ang sarili kung bakit ganoon na lang ang reaksiyon niya sa tuwing magkakaharap sila ni Liam Buenaventura. Sa buong buhay niya ay ngayon lang niya naranasan ang ganoon. At hindi niya iyon gusto. Nagbibigay iyon ng takot sa puso niya.

Bakit hindi mo pa kasi aminin na attracted ka sa lalaking iyon? giit ng isang bahagi ng isip niya.

Never! Hindi ako attracted sa kanya! Pinagalitan niya ang sarili dahil sa hindi magandang isiping iyon.

Nang gabing iyon ay matagal siyang pabiling-biling sa higaan. Ngayong hindi siya masyadong pagod ay waring namamahay siya, ayaw siyang dalawin ng antok. Patingin-tingin siya sa apat na sulok ng hindi pamilyar na silid. Nami-miss niya nang husto ang silid niya sa bahay nila.

Alas onse na ng gabi ay dilat pa rin ang mga mata niya. Narinig pa niya ang yabag ng sapatos sa hallway. Nasisiguro niyang si Liam ang naglalakad na iyon. Si David ay may sariling cottage malapit sa farm house. Si Mang Tony naman ay may sariling quarter sa unang palapag ng bahay.

Tumigil pansamantala ang paghinga niya nang huminto sa tapat ng pinto niya ang yabag ni Liam. Ilang saglit itong tumayo roon. Mayamaya ay umalis na rin ito. Narinig na lamang niya ang pagbubukas at sara ng isang pinto sa dulo ng hallway.

Why did he hesitate outside her door? Bakit hindi siya kinatok nito kung gusto siya nitong kausapin?

Lalong hindi nakapagpatulog sa kanya ang pag-iisip na iyon.

Narinig pa niya ang paggamit ng banyo sa katabi niyang bathroom. So, si Liam pala ang may-ari ng silid na may connecting door sa banyong ginagamit rin niya. Lalo siyang na-bother sa isiping kasalo pala niya ito sa banyo.

Iyon ang huling nasa isip niya bago siya talunin ng antok.